# Ang Partisipasyon ng Kababaihan sa Digmaang Pilipino-Amerikano

RONALDO B. MACTAL, PH.D.*

This paper recognizes the importance of the contributions made by Filipino women during the Philippine-American War. Not only did it present an assessment of what these women had done as a sector in the society, like in the Cruz Roja (Red Cross) but also tried further to mention the names of these women and their respective contributions "as individuals".

Filipino women's roles encompassed nurturing the sick and the wounded, distributing supplies needed for the war and fighting in the war front. Some of them even became writers and poets. Naturally, most of them cooked their food and sewed the Filipino soldiers' clothes and the flags they used.

It is the hope of the author that this study would generate more researches regarding the Filipino women's participation in the war, because only then can history can be considered complete.

* Kasalukuyang propesor ng Kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, Manila.

## PANIMULA

Marami ng mga nasulat na mga artikulo at lathalain sa naging papel ng mga kababaihan sa Rebolusyong Pilipino. Ngunit kadalasan ang mga ito ay pawang tumatalakay lamang sa naging partisipasyon ng mga kababaihan bilang isang sektor o pangkat sa lipunan. Bihira ang mga pag-aaral na direktang tumutukoy sa kahit na pangalan man lamang ng bawat kababaihan. Sa ibang salita, kadalasan ang mga naunang mga lathalaing nasulat ay walang pansariling identidad o mukha ang mga kababaihan.

Sa naging partisipasyon ng mga kababaihan sa Rebolusyong Pilipino, ang pinakasalat ang pananaliksik ay sa bahagi ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Kadalasan, ang nabibigyan lamang ng pansin ay ang naging papel ng kababaihan sa unang yugto ng rebolusyon. Sa papel na ito, nilalayong tugunan ang nasabing kakulangan. Itutuon ang pag-aaral sa naging partisipasyon o pakikilahok ng mga kababaihan sa Digmaang Pilipino-Amerikano.

Kakaiba ang pag-aaral na ito dahil pipiliting bigyang mukha o kilalanin (kahit sa pangalan lamang) ang mga kababaihang nagkaroon ng partisipasyon sa Digmaang Pilipino-Amerikano sa pamamagitan ng pananaliksik sa mga pangunahing bukal (*primary source*) partikular ang mga pahayagang *El Heraldo Filipino* at *El Heraldo de la Revolucion*. Ispesipikong tutukuyin sa papel na ito ang iba't ibang pakikisangkot na ginampanan ng mga kababaihang Pilipino sa Digmaang Pilipino-Amerikano.

## ANG MGA KABABAIHAN AT ANG PAGTATATAG NG *CRUZ ROJA*

Sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano, kapuna-puna na ang naging pangunahing partisipasyon ng mga kababaihan ay bilang tagapag-alaga ng mga maysakit at sugatan. Ang mga kababaihan sa pangunguna ng mga asawa ng mga rebolusyonaryo ay kaagad itinatag ang *Cruz Roja* (Krus na Pula o *Red Cross*) matapos pumutok ang Digmaang Pilipino-Amerikano. Samantala, may ilan ding kababaihan ang aktibong lumahok sa mga labanan. Mayroon din namang mga naging propagandista at makata. At ilan na gumanap ng iba't-ibang pamamaraan o gawain sa digmaan na katulong ng mga kalalakihang nakikipaglaban.

Noong Pebrero 17, 1899, labintatlong araw matapos magsimula ang Digmaang Pilipino-Amerikano, isang dekreto ang ipinalabas ni Emilio Aguinaldo na nagtatag sa Krus na Pula (*Cruz Roja*) sa Pilipinas o *Philippine Women's Red Cross.* Pangunahing layunin nitong magpatupad ng mga gawaing pagkakawanggawa laluna ang maiangat ang kalagayan ng mga mahihirap at naghihikahos. Ngunit habang ang bansa ay nakikibaka pa lamang para sa ganap na kalayaan, ang *Cruz Roja* ay tumutok sa pag-aruga ng mga maysakit at sugatan maging ito man ay kaibigan o kaaway.[1]

Ang sinumang kababaihan mula labing-apat (14) na taong gulang ay maaring maging kasapi. Ang pamunuan ng *Cruz Roja* ay nasa ilalim ng isang *Board of Inspectors* (*Junta Inspectora*) ng pamahalaan ng Republika samantalang ang bawat lalawigan ay pamumunuan ng isang *Executive Board* (*Junta Delegada*). Ang bawat bayan naman ay pamumunuan ng isang *Board of Directors.* Ang mga Lupon (*Board of Directors*) sa bawat bayan ay dapat maghalal ng isang Directora, Vice-Directora, Kalihim, Tagatuos (*accountant*) at Ingat-Yaman. Ang mga nabanggit ay manunungkulan ng apat na taon.

Isinasaad din ng dekretong nagtatag sa *Cruz Roja* na matapos maipagtagumpay ang kalayaan, ang mga nalalabing pondo nito ay gagamitin sa pagtatayo ng mga ospital, bahay-ampunan at sa edukasyon ng mga mahihirap. Maliban pa rito, ang *Cruz Roja* ay kinakailangang gawin ang lahat ng makakaya nito upang makuha ang pakikipagtulungan ng iba pang organisasyon ng Krus na Pula sa iba't-ibang bahagi ng daigdig upang maisulong at mapaunlad ang katayuan at kalagayan ng kababaihan.[2] Samakatuwid, masasabing pangmatagalang nilalayon din ng pagtatatag ng *Cruz Roja* ang maging isang sangay ng pamahalaang magsusulong sa ikaaangat ng interes at katayuan ng mga kababaihang Pilipino.

## Mga Naging Gawain ng *Cruz Roja*

Sa isang lathalain na lumabas sa *El Heraldo Filipino* noong Pebrero 19, 1899, ispesipiko nitong binabanggit ang mga gawaing ginagampanan ng mga kababaihang kasapi ng *Cruz Roja.*

> ...Ang adhikain nang catipunang ito...ay mangilac at ng agad macapaggayac ng mga unan, kumot, banig, pagcaing mahusay sa maysakit, gamot, hilatsa, at

> panali sa sugat; abuloy na salapi sa mga anac ng malaglag sa digma.[3]

Bilang pagtupad sa nasabing adhikain, ang mga kasapi ng *Cruz Roja* sa pangunguna ng pambansang pangulo nito na si Doña Hilaria Aguinaldo (asawa ni Emilio Aguinaldo) ay naglalakbay sa iba't-ibang bahagi ng Filipinas upang magpaabot ng anumang tulong sa mga puwersang Pilipinong nakikipaglaban. Ang isang halimbawa ng ganitong gawain ay nailathala sa *El Heraldo Filipino* noong Pebrero 16, 1899. Isinaad ng nasabing pahayagan ang ganito:

> Bukod sa ibinabalita namin sa num.12 nitong periodico, na paglalakbay sa pulo nang ating Presidente at mga caalakbay na macapal na binibini; nang martes nang umaga ay sa Lolomboy naman napatungo upang dalawin ang mga sugatang na sa ospital ng bayang yaon. Macapal na salapi, tabaco at cigarillo ang dala nila, na ipinamudmod sa mga irog na capatid na ngayo'y nagtitiis sa banig, alang-alang sa pag-ibig sa tinubuang lupa.[4]

Sa ulat ng *El Heraldo Filipino* noong Pebrero 26, 1899, ibinabalita nito ang naging unang kontribusyon ng sangay ng *Cruz Roja* ng Calumpit, Bulacan. Ang kontribusyon ay binubuo ng 62 banig, 37 unan at 26 kumot.[5]

Ang pagsasakripisyo at paghihirap ng mga kababaihan upang mag-aruga ng mga sugatan at maysakit ay kinilala mismo ng mga rebolusyonaryo. Sa nasabing lathalain ng *El Heraldo Filipino* noong Pebrero 16, 1899, abot-abot ang kanilang pasasalamat sa mga kababaihan.

> Mga binibining carangalan nang lupang Filipinas, Angeles na nangatawan sa piling nang Maycapal, upang mahatdan nang caurting ligaya at caaliuan ang lahat nang nagcacasaquit sa balat nang lupa, marapating tanggapin ang boo naming galang, payagan cayo'y aming manghaan at batiin nang boong irog na macacaya nang aming pusong tanao na sa hirap. Bayang tanquilic nang inyong aruga, bayang magtamo ng inyong calinga ay sapilitang magdidiwang sa caaway.[5]

## Ang Lawak ng Partisipasyon ng mga Kababaihan at ang Pamunuan *ng Cruz Roja*

Maituturing na sa *Cruz Roja* nagkaroon ng pinakamalawak at pinakaaktibong partisipasyon ang mga kababaihan sa Digmaang

Pilipino-Amerikano. Napakaraming kababaihan ang naging kasapi at pinuno nito sa buong kapuluan. Ang *Cruz Roja* ay malinaw na nagpapakita sa isang organisadong pagkilos ng mga kababaihan. Ang kasapian at mga sangay nito ay umabot hanggang sa mga bayan at lalawigan na may pagkilos ng mga pwersang Pilipino. Ang buong organisasyon ay napapasailalim ng isang pambansang pamunuan.

Sa halalang naganap sa pambansang pamunuan sa Malolos, Bulacan ng *Cruz Roja* ayon sa balitang nailathala sa *El Heraldo Filipino* noong Pebrero 16, 1899, ang mga nahalal ay ang mga sumusunod:

*Directora:* Sra. Hilaria del Rosario de Aguinaldo
*Vice Directora:* Srta Estefania del Rosario
*Secretaria:* Srta. Victoria Buencamino
*Vice Secretaria:* Srta. Lucia B. Bautista
*Tesorera:* Srta. Juana Chiong
*Vice Tesorera:* Srta. Clara Jacinto

Samantala, anim naman ang nahirang na *Board of Directors.* Ito ay sina Francisca Tantoco, Braulia de Robles, Basilia Tantoco, Rosario Teodoro, Valentina del Rosario at Benita Angelo. Nakatala rin ang tinatayang limampung kababaihan bilang tagapagtatag ng pambansang *Cruz Roja.*[7]

Matapos mabuo ang pambansang liderato ng *Cruz Roja,* ang sumunod namang naitatag ay ang mga sangay nito at pamunuan sa mga lalawigan at bayan. Kapuna-puna na unang naitatag at naging malakas at organisado ang sangay ng *Cruz Roja* sa mga bayan na kung saan umaatras ang mga Pilipino sa pananalakay ng mga Amerikano.

Sinasabing sa lalawigan ng Bulacan, ang pag-oorganisa ng *Cruz Roja* ay pinangunahan ng isang "mapanghalina at matalinong maestra na si G. Tranquilina Paguia, isa sa mga dalagang litao sa bayang iyon."[8] Sa bayan ng Calumpit, Bulacan, ang mga nahalal na pamunuan ay ang mga sumusunod:

Pangulo: Srta. Maria Rosario Panis
Pangalawang Pangulo: Srta. Ana Roxas
Ingat-yaman: Srta. Leonarda Macam
Kalihim: Srta. Justa Yuson

Ang mga nahalal namang kasapi ng Lupon *(Board of Directors)* ay sina Candelaria Balagtas, Nicolasa Santos, Dolores Aduna, Maria Makapugay, Damiana de Leon at Vicenta Bayan. Samantala, ang paring si Manuel E. Roxas ang hinirang na maging *Director Espiritual*.

Ang lalawigan ng Pampanga ang maituturing na nagkaroon ng pinakamalawak na kasapian at sangay ng *Cruz Roja*. Tinatayang anim na mga bayan nito ang nagkaroon ng sangay at pamumunuan ng *Cruz Roja*. Ang mga bayang ito ay ang San Fernando, Angeles, Bacolor, Mexico, Arayat at Mabalacat, Ang mga sumunod ang mga naging pangunahing opisyal ng *Cruz Roja* sa iba't-ibang bayan sa Pampanga.

**San Fernando**
Pangulo: Maria Hizon
Pangalawang Pangulo: Marcelina Limhuko
Kalihim: Anita Alejandrino
Ingat-yaman: Consuelo Consunji

**Mabalacat**
Pangulo: Potenciana Cuyugan
Pangalawang Pangulo: Rafaela Ramos
Kalihim: Fermina Torres
Pangalawang Kalihim: Felisa de Guzman
Ingat-yaman: Felicidad Narciso

**Bacolor**
Pangulo: Maria L. Santos
Pangalawang Pangulo: Felisa Joven
Kalihim: Demetria Castro
Ingat-yaman: Rosario Liongson
Tagatuos: Praxedes Fajardo

**Arayat**
Directora: Raymunda Soriano
Vice-Directora: Gavina Medina
Kalihim: Dolores Alcala
Ingat-yaman: Aurelia Pongco
Tagatuos: Gervana Tagle

**Mexico**
Pangulo: Marina Lorenzo
Pangalawang Pangulo: Leona de Leon
Kalihim: Pelagia Aguas
Pangalawang Kalihim: Hilaria-Ong Jongco
Ingat-yaman: Maria Vergara

**Angeles**
Pangulo: Zoila Nepomuceno
Pangalawang Pangulo: Carmen Dizon
Ingat-yaman: Maria Carlota Yenson

Kalihim: Juanaria Lacson
Tagatuos: Marcelina Nepumoceno

Maliban sa mga nasabing opisyal, ang bawat bayan ay naghalal din ng mga kasapi ng Lupon (*Board of Directors*). Ang San Fernando ay may labindalawa (12); Arayat, 12; Mabalacat, 6; Angeles, 20, at Mexico, 8. Samantala, ang bayan ng Bacolor ay hinati ang mga kasapian nito sa apat na komisyon at ang bawat komisyon ay pinamumunuan ng mga nahalal na opisyal. Ang bawat komisyon ay may tig-anim o tig-pito na mga kasapi ng Lupon.[9]

Samantala, sa San Isidro, Nueva Ecija, itinatag naman noong Pebrero 22, 1899 ang sangay ng *Cruz Roja*. Ang mga nahalal na opisyal nito ay ang mga sumusunod:

Pangulo: Ursula Paez
Pangalawang Pangulo: Maria Paez
Ingat-yaman: Aurelia Bantug
Kalihim: Felisa Pongho
Pangalawang Kalihim: Isabel Abad[10]

Sa balitang inilathala ng *El Heraldo Filipino* noong Marso 16, 1899, inihayag dito ang pagtatatag ng sangay ng *Cruz Roja* sa Manaoag, Pangasinan. Ang pagtatatag ay pinangunahan mismo ng asawa ng punong bayan (*jefe local*) na si Eusebia Soriano at sa naganap na halalan, ang mga nahalal na pinuno ay ang mga sumusunod:

Pangulong Halal: Maria Santamaria
Presidente Honoraria: Eusebia de Soriano
Pangalawang Pangulo: Soledad Gavino
Ingat-yaman: Gregoria Garcia
Kalihim: Domiciona Apostol
Pangalawang Kalihim: Arcadia Soriano

Sa Lingayen, Pangasinan ang mga naging pinuno ng "*Cruz Roja*" ay ang mga sumusunod:

Pangulo: Maria Sayson
Unang Pangalawang Pangulo: Ana Puzon de Ungson
Ikalawang Pangalawang Pangulo: Liberata Ungson de Benson
Unang Kalihim: Amora Padilla
Ikalawang Kalihim: Nieves Corleto
Ingat-yaman: Isabel B. de Padilla

Ang mga *Board of Directors* ay hinati sa ilalim ng dalawang pangalawang pangulo. Ang bawat pangalawang pangulo ay may tig-dalawampung kasapi ng Lupon. Samantala, ang bayan ng Manaoag ay may 30 kababaihang kabilang sa mga *Board of Directors*.[11]

Ang napakalawak at napakaaktibong pakikilahok ng mga kababaihan bilang mga kasapi ng *Cruz Roja* ay hindi lingid sa kaalaman ng mga rebolusyonaryo. Sa lathalain ng *El Heraldo Filipino* ng Pebrero 16, 1899, pinupuri nito ang kasiglahang ipinamamalas ng mga kababaihan. Narito ang bahagi nito.

> Mga binibini natin sa lahat ng bayan at lugar, iniwan ang bahay at ligpit na pamumuhay, naglulupon-lupon at ang pinag-uusapang binabalac ang lahat ng mabuting paraang magagawa malayo man sa canilang pamamahay ay camtan ang maguilio(w) na aruga ng mairog na ina, alintanahin at walang bahalain ang pagkahiwalay sa lingap at pagcupcop ng masintahing capatid.[12]

## Ang Kababaihan Bilang Propagandista at Makata

Isa sa maituturing na naging napakahalaga rin ang partisipasyon ng mga kababaihan sa Digmaang Pilipino-Amerikano ay sa larangan ng propaganda at pamamahayag. Ginamit ng ilang mga kababaihan ang angking talento sa pagsusulat upang palakasin ang kalooban ng mga rebolusyonaryong ipagpatuloy ang pakikipaglaban. Isa sa mga babaing ito ay si Rosa Sevilla Alvero na naging kagawad ng *La Independencia*, ang pahayagan ng rebolusyon na itinatag ni Antonio Luna.[13]

Sa mga pahina ng *El Heraldo Filipino*, kapuna-puna ang mga kababaihang may-akda sa ilang mga pahayag, "manifesto" at lathalain na bumabatikos sa mga pananakop at pang-aabuso ng mga Amerikano sa Pilipinas. Bagama't ang mga pangalang nakalagda ay pawang mga sagisag pangalan o panulat lamang, ang nilalaman nito ay nagsasaad na ito ay sadyang isinulat ng isang babae. Litaw na litaw sa mga nasabing akda ang emosyon o damdamin ng isang babae at isang ina. Ngunit natatanging babae sa pamantayan ng mga panahong iyon, matapang lumalaban, may paninindigan sa mga usaping pampulitika at panlipunan.

Ang pang-aabuso ng mga sundalong Amerikano sa mga kababaihang Pilipino tulad ng panggagahasa ay ginamit na panghamon ng mga kababaihang manunulat upang hikayatin ang mga kalalakihan na humawak ng armas at ipagpatuloy ang paglaban upang maipaghiganti ang puri nito. At bunga ng malaking utang na loob ng mga anak sa kanilang mga ina na nagsilang sa kanila, nararapat lamang din ang mga itong tumindig at lumaban sa mga Amerikanong gumawa ng katampalasanan sa mga kababaihan. Sa pamamagitan lamang nito ganap na maipapakita ng mga anak ang kanilang pagtanaw ng utang na loob at pagmamahal sa kani-kanilang mga ina. Ganito ang masasabing bahagi ng mensaheng ipinaaabot ng tulang may pamagat na "Hibik Namin" na nailathala sa *El Heraldo Filipino* noong Pebrero 17, 1899. Ang tulang ito ay nilagdaan ng siyam na kababaihan sa pangunguna ni Victorina Lactaw.[14] Narito ang bahagi ng nasabing tula:[15]

> Mga kababayang tunay na kapatid,
> tunghayan ang aming tapat na paghibik.
> tapunan nang awa't mahabag sa tangis
> nang mga babayeng dito'y nagsititik.
>
> Mangahabag kayo sa aming pagdaing
> at ipanghiganti ang puring nailibing
> nang mga babaye't inyong gunitain
> kayo'y sa babaye mula at nanggaling
>
> Sukat na ang kayo'y masisitang anak
> nang inang nagbigay nang unang liwanag
> ay dapat matutong gumanti nang lingap
> sa babaye't dahil sa inang naghirap

Sa mga nasabing tula, ipinahahayag din nito ang pagkilala sa papel ng ina sa paghubog ng kaisipan ng kabataan. Ito rin ay nagpapakita sa kakaibang babae na sa halip na pigilin ang anak na makipaglaban ay sa murang edad pa lamang ay hinuhubog na ang kaisipan na "higit sa lahat ay dapat mahalin ang inangbayan." Kaya bunga nito, sa panahon ng pananakop ng Estados Unidos na ang kalayaan ng bayan ay nasa panganib, inaasahan ng mga kababaihan laluna ang mga ina na ang lahat ay magsisipagbangon para sa pagtatanggol sa inang bayan. Narito ang bahagi ng nasabing tula:

Dahil din sa ating inang minamahal
kaya tayo'y dapat umibig sa bayan
sapagkat ang kaniyang mahalagang aral
bayan ay pahigtin sa lahat nang bagay

Kung tayo ay anak na nagsisigiliw
ang aral nang ina'y pilit na susundin,
aral na ang bayan ay pakaibigan
at dahil sa kaniyang pag-ibig sa atin.

Kaya manga giliw naming kapatid
pagibig sa baya'y itanim sa dibdib
alangalang doon sa ating pagibig
sa aral nang ating inang matangkilik.

Halina at tayo'y manandatahang lahat,
itangol ang dangal nitong Filipina
sa alinmang nacion at huag ipayag
na mapagharian tayong mga anak.

Ang pagsasarili'y ating ipaglaban
hanggang may isa pang sa ati'y may buhay
at dito'y wala na silang pagharian
kung hindi ang ating mga dugo't bangkay

Samantala, ang kawalan ng kabutihang asal na ipinakikita ng mga sundalong Amerikano tulad ng "pangloloob ng mga bahay, pagnanakaw, pagkuha ng anumang maibigan sa mga tindahan, ang panghihipo at pagpapahubad ng lahat ng kasuotan ng mga kababaihan, maging paliligo ng hubo't hubad sa mga ilog" ay tinuturing ng mga kababaihang manunulat bilang mga gawain mas masahol pa ng mga "tawong tubo sa gubat." Ang nasabi ring mga gawain ay gawa ng isang bayan ng katampalasanan na kung saan ang mga ina ay hindi marunong mangaral.[16]

Ang mga kababaihan bilang mga makata at manunulat ay napakahusay na propagandista. Ang natatanging tapang at determinasyon na ipinakita ng mga ito laban sa pananakop ng mga Amerikano sa pamamagitan ng panulat ay lalong nagpapalakas sa kalooban ng mga kawal na kalalakihan na ipagpatuloy ang pakikipaglaban para sa ganap na kalayaan. Ang kahusayan sa paghawak ng pluma ng mga kababaihan ay umani ng pagbati sa mga pinuno ng rebolusyon tulad ng nailathala sa *El Heraldo Filipino* noong Pebrero 19, 1899. Ang nasabing pagbati ay bunga ng pagkakalathala noong Pebrero 17, 1899 ng tulang

"Hibik Namin" na nilagdaan ng 9 na kababaihan sa pangunguna ni Victorina Laktaw. Narito ang nasabing pagbati:

> Mairog na bati namin ay tanggapin nawa ng tanang binibining nacapirma sa versong tagalog na pinalabas ng suplemento ng 17 nitong buang lumalacad. Malinao na tanda ito, na ang mga babaying tubo sa Filipinas ay labis naming maipagmamalaqui canino mang bayan, pagca't hindi lamang marunong mamahay, marunong manandata, marunong pumahid ng luha ng tanan na sa hirap, cungdi naman malinis tumangan ng pluma, na balang tubig ay nacapupucaw ng lalong nagwawalang bahalang puso. Bayang may ganitong mga babayi ay lubos ang capalaran.[17]

## Ang Kababaihan Bilang mga Mandirigma

Ang partisipasyon ng kababaihan sa Digmaang Pilipino-Amerikano ay hindi lamang nalimita sa pagtulong at tagasuporta sa mga kalalakihang humahawak ng armas. Mayroon ding mga kababaihan ang humawak ng armas at naging kasa-kasama ng mga kalalakihan sa gitna ng labanan. Ang pinakatanyag sa mga kababaihang ito sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano ay si Agueda Iniquinto Kahabagan ng Santa Cruz, Laguna na nahirang na "Henerala ng Brigada" sa rekomendasyon ni Heneral Pio del Pilar kay Pangulong Emilio Aguinaldo noong Abril 6, 1899. Nasa ilalim ni Kahabagan ang isang brigada na mayroong 10 riple at ang iba pa ay mga "Sandatahanes" (may armas na itak o bolo). Nakatutuwa ring isipin na si Kahabagan sa pamamagitan ni Heneral Pio del Pilar ay nagrekomenda na maitaas ng ranggo ang ilang mga kalalakihang nasa ilalim ng kanyang brigada. Ang mga kalalakihang ito ay sina Jorge Gabrido na inirekomenda nilang kapitan, Regino Lora, "1st Lieutenant" at sina Dionisio Fernandez at Narciso Beltran, bilang mga "2nd Lieutenant". [8]

Si Trinidad Tecson ng San Miguel de Mayumo na nakilala rin sa unang yugto ng rebolusyon bilang "Ina ng Biak-na-Bato", ay hindi lamang namahala sa pagpapakain ng mga rebolusyonaryo kundi nakilahok din sa mga pakikipaglaban. Kasama siya ng mga rebolusyonaryo sa pag-atras sa Zambales at nakilahok sa pakikipaglaban sa Castillejos.[19]

Sa isang lathalang lumabas sa *El Heraldo Filipino* noong Pebrero 16, 1899, ibinabalita nito ang pagsama ng dalawang babae na ang isa ay nagngangalang Victorina Garcia sa pakikipaglaban (pamamaril) ng kani-kanilang asawa. Ilan sa kanila ay nagdamit lalaki. Narito ang nasabing lathala:[20]

> **Bayaning Babayi**
> Mga binibini natin ay malabis nang maipagmamalaqui nang tinubuang lupa. Dalawa ang nasa campo ng paglalaban, na catulong ng canicanilang asawa ng pamamaril sa masaquim na Americano, na upang huag silang maquilala ay nagdamit lalaqui. Ang isa'y nagngangalang Victorina Garcia asawa ng isang Teniente ng ating hocbo at ang pangalawa'y ang asawa ng quilalang general na si G. Pantaleon Garcia. Mangagaral tayo sa mga babaying ito.

Ang aktibong pakikilahok ng mga kababaihan sa mga labanan at upang hindi makilala ay nagsusuot ng damit-panlalaki ay napansin din ng mga Amerikano. Si Louis Stanley Young, isang mamamahayag na Amerikano na naging saksi ng Digmaang Pilipino-Amerikano ay may ganitong obserbasyon:

> *Women even fought. The members of the (U.S.) hospital corps made the startling discovery that there are several women, in male dress and have cropped, among the dead...*[21]

**ANG IBA PANG NAGING PARTISIPASYON NG MGA KABABAIHAN.**
Napakarami pang mga kababaihan ang gumanap ng iba't-ibang papel at gawain sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Sa Ilokos, si Eleusteria "Capitan Teriang" Florentino na nakilala bilang "Tandang Sora ng Ilokos" ay gumanap bilang puno ng panustos (supply network) ng mga pwersang Pilipino sa Ilokos. Ang mga kababaihan sa Ilokos maliban sa pagiging espiya at tagapamahala ng panustos ay gumanap ng mga sumusunod na responsibilidad ayon kay William H. Scott:

> *...Contributed to the defense in traditional ways with loom, needle and thread, or manual labor in gardens or fields...acted as foster mother and teachers to the children of men in the hills, and organized the productions of uniforms and blankets...Indeed, the mere maintenance of home and families was an essential service to the cause, and parting with husbands and sons was a sacrifice akin to military service itself.*[22]

Ayon naman kay Rosa Sevilla de Alvero, isa sa mga kilalang pinuno ng kilusang pangkababaihan noong pananakop ng mga Amerikano, ang mga kababaihan sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano ay hindi lamang nag-aruga at nanggamot bilang mga kasapi ng *Cruz Roja* kundi nagsilbi ring mga tagapagluto ng mga sundalong Pilipino sa mga labanan tulad ng kanilang ginawa ng salakayin at agawin ng mga puwersang pinamumunuan ni Heneral Gregorio del Pilar ang Malolos mula Mayo 30 hanggang Hunyo 27, 1898.[23]

Maliban pa sa mga nabanggit na gawain ang mga kababaihan ay nagsilbi ring tagapaglikha o mananahi ng mga bandilang ginagamit ng iba't-ibang batalyon ng mga pwersang Pilipino. Ang naturang gawain ay masayang ibinalita ng *El Heraldo de la Revolucion* noong Disyembre 29, 1898. Narito ang bahagi ng nasabing balita:[24]

> **Casiglahan Nang Mga Babayi**
> Malaquing galac ang tinamo namin sa balitang, di umano'y pinagsisicapan nang manga binibining Maria at Felisa Dayrit at iba pang taga Capangpangan, ang pagbuburda nang isang mariquit na bandilang itinataas sa batalla nang provinciang yaon.
> Gayon din wari naman ang pinag alamayan nang ilang binibining Malolos, na itahandog sa isa nang manga batallong nakatira rito.
> At nababalita ring sa Maynila man, ang madlang binibining may caya ang nagiisip magalang nang bandila sa iba't-ibang batallon nong hocbo nating ngaroroon.

## KONGKLUSYON

Nalinaw sa pag-aaral na ito na ang mga kababaihang Pilipino ay nagkaroon ng aktibong partisipasyon sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang mga kababaihan ay gumanap ng iba't ibang papel bilang tagapangalaga ng maysakit at sugatan, manunulat at makata, tagapamahala ng panustos at pag-eespiya, at mga mandirigma o amasona. Ang mga kababaihan ay gumanap din bilang tagapagluto sa mga labanan, tagatahi ng mga kasuotan ng mga sundalong Pilipino at maging ng mga bandila at tagapag-alaga ng mga anak ng mga kalalakihang kasama sa mga labanan.

Sa pag-aaral na ito, kinilala (kahit sa mga pangalan lamang) ang ilang mga kababaihang nagkaroon ng pakikilahok sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Ito ay masasabing panimulang pag-aaral lamang dahil napakarami pang mga pananaliksik ang dapat isagawa upang ganap na makilala ang mga kababaihang nabanggit lamang ang mga pangalan sa artikulong ito. Naniniwala rin ang may-akda na napakarami pang kababaihan hindi lamang sa Luzon (na binigyang pokus sa pag-aaral na ito) kundi maging sa Visayas at Mindanao at sa iba pang bahagi ng Pilipinas laluna sa mga lugar na malakas ang paglaban sa mga pwersang Amerikano tulad ng Samar ang nagkaroon ng aktibong partisipasyon sa Digmaang Pilipino-Amerikano.

Sana, ang pag-aaral na ito ay magsilbing pagbubukas lamang sa mga pag-aaral at pananaliksik sa naging partisipasyon ng mga kababaihan sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Umaasa ang may-akda na may mga susunod pang mananaliksik na magsasagawa ng pag-aaral upang ganap ng mabuo ang kasaysayan ng partisipasyon ng mga kababaihan sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano.

**Mga Tala**

[1] Sulpicio Guevara, The Laws of the First Philippine Republic: The Laws of Malolos, 1898-1899. (Manila: National Historical Commission, 1972), p.128

[2] *Ibid.*, p. 131

[3] *El Heraldo Filipino*, Pebrero 16, 1899.

[4] *El Heraldo Filipino*, Pebrero 19, 1899.

[5] *El Heraldo Filipino*, Pebrero 16, 1899.

[6] *El Heraldo Filipino*, Pebrero 26, 1899.

[7] *El Heraldo Filipino*, Pebrero 16, 1899.

[8] Ang ilan sa mga kababaihang ito ay sina: Dalmacia Angco, Felipa Santos, Francisca Tantoco, Dorotea Espiritu, Trinidad Tiongson, Elissa Reyes, Rufina Reyes, Teresa Tantoco, Felisa Tangco, Maria San Agustin, Juana Lumutan, Ana Hernandez, Maria Lim, Esperanza Angelo, Albina Cruz Herrera, Sabina Cruz Herrera, Maria Espinosa, Catalina Espinosa, Maria Josefa Espinosa, Mercedes Tiongson, Basilia Tantoco, Cecilia Tiongson, Luisa Buendia Vicenta Tiongson, Pilar Aldaba, Lorenza Tiongson, Antonia Laquindanong, Rosario Teodoro, Maria

Robles, Cresenciana Robles, Maria Trinidad Rosario, Maria Lechuga, Desideria Hernandez, Antera Julian, Rufina Policarpic, Rosario Carreon, Benita Gatchalian, Benita Cristobal Concepcion, Nepomuceno, Antera Yniquez, Dolores Nepomuceno, Ignacia Yniquez, Mercedes del Rosario, Paz Santos de Moceno, Angela Viana de Santos, Consuelo Santos, Pacita Rianzares, Valentina Rosario, Consuelo Bautista, at Evarista Rianzares.

9 *El Heraldo Filipino*, Marso 5, 1899.

10 Ang mga kasapi ng lupon ( *Board of Directors*) sa bawat bayan sa Pampanga ay ang mga sumusunod: San Fernando: Adela Chuidian, Paz Chuidian, Agueda Paterno, Adela Paterno, Jacoba Paterno, Petra Leyba, Concha Leyba, Flora Kisumbing, Julia Paras, Teodora Salgado, Maria Custodio, at Andrea Llanos; Arayat: Leandra Bahuyot, Narcisa Mercado, Tomasa Galang, Rosenda Cabigting, Consuelo Maura Goco, Andrea Cordero, Aurelia Magdangal, at Marta Chareso; Mexico; Tomasa Lorenzo, Macaria Lacsamana, Ramona Aguas, Rosario Lasatin, Anastacia Hizon, Maria de Leon, Maria Hizon at Ruperta Gonzalez; Mabalacat: Gliceria Siopongco, Marcela Siopongco, Lorenza Madlambayan, Paula Madlambayan, Paula Samason, at Rosario Pasion; Angeles: Ana de la Cruz, Anicia Paras, Beatring Torres, Cristina Guico, Emilia del Rosario, Estanislaua Lacson, Elena Samea, Florentina Guico, Filomena Dizon, Irene Canlas, Isabela Mercado, Jacinta Pamintuan, Juana Pineda, Maxima Henson, Maria Dizon, Magdalena Lacson, Margarito Guico, Maria Herrera, Maria Suares, at Trifina Angeles; at ang Bacolor: Unang Komisyon: Maria Santos (Pangulo), Socoro Palma, Fidela Panlilio, Isabel Liongson, Victoria Buison, Maria Lenun, Teodora Jovena, at Maria Angeles; Ikalawang Komisyon: Felisa Joven (Pangalawang Pangulo), Encarnacion Olegario, Praxedes Fajardo, Natividad Joven, Trinidad Gutierrez, Felisa Palma, Josefa Bacani at Mercedes Alas; Ikatlong Komisyon: Librada Rodriguez (Ingat-yaman), Mercedes Buison, Remedios Cobarrubias, Josefa Joven, Josefa Rodriguez, Emiliana Serrano Vizon, Gregoria Angeles at Juana Singian; at ang Ikaapat na Komisyon Demetriou Castro (Kalihim), Josefa Santos, Juana Castro, Salud Hoyendo, Florencia Fajardo, Maria Panopio at Rosario Liongson.

11 *El Heraldo Filipino*, Marso 12, 1899.

12 Ang mga kabilang sa *Board of Directors* sa bayan ng Manaoag ay ang mga sumusunod: Espirita Estil, Teodorica Tiong, Raymunda Garcia, Maria Sorano, Cayanan Gomez, Maria

Bautista, Carmen Bautista, Rosa Mendoza, Dominga Manangan, Dolores Garcia, Rufina Gines, Concepcion Santamaria, Mercedes Estil, Genoveva Guico, Petra Padilla, Juana Reina, Filomena Soriano, Alejandra Soriano, Irene Camagay, Mercedes Bautista, Escolastica Soriano, Pilar Gomez de Valenzuela, Jovita Soriano, Brigida Masarseg, Brigida Garcia, Maria Gavino, Cecilia Garcia, Paula Fernandez, Soledad Santamaria, at Fragedes Tiong. Samantala, sa bayan ng Lingayen ang mga kasapi ng Lupon ay ang mga sumusunod: Nasa Ilalim ng Unang Pangalawang Pangulo Vicente Ferrer de Bauzon, Maria de Sangalan, Marina Samson, Maria Co de Lopez, Agripina del Rosario, Liceria Sison de Castillo, Maria Quintos, Ignacia Uson de Puzon, Sotera Lengson, Nieves de Silos, Dolores de Angeles, Vicenta Uson de Quintos, Romana de Leon Muque, Nieves de Macasieb, Clemencia de Fernandez, Catalina de Padilla, Soterrana Inson, Sison y Vinluan, Maria Sison at Maria del Rosario Escobar; at ang, Nasa Ilalim ng Ikalawang Pangalawang Pangulo: Epifania Sayson, Gaudencia Fortich, Victoria Vinluan, Paz de Tinueldan, Potenciana Ramos, Maria de Bernabe, Paz de Nable Jose, Ignacia del Sizon, Gliceria Ramos, Dolores Fortich de Callac, Cecilia Sison de Jimenez, Justa Reyes de Baño-Santos, Maria de Artacho, Maria Ungson-de Reyes, Peregrina Mendoza, Leoncia Mendoza, Guadalupe Abalos, Carmen Abalos, Miguela Jimenez, Teodoro Tuason at Rosa Soriano.

[13]*El Heraldo Filipino*, Pebrero 16, 1899.

[14] Tarrosa Subido, *The Feminist Movement In the Philippines*, Manila 1955.

[15] Ang iba pang lumagda ay sina Feliza Kahatol, Patricia Himagsik, Dolores Katindig, Felipa Kapuloan, Victoria Mausig, Salvadora Dimagiba, Honorata Dimaiuga, at Deodata Liwanag.

[16] *El Heraldo Filipino*, Pebrero 17, 1899.

[17]Tingnan ang pahayag na nilagdaan ni Esperanza Makapugay, *El Heraldo Filipino*, Pebrero 27, 1899.

[18] *El Heraldo Filipino*, Pebrero 19, 1899.

[19] *Philippine Revolutionary Paper* (PRP), (National Library, Microfilm Collection), Rolyo 18, Galerada 389-391.

[20] Lydia Gonzales-Garcia, "Ang Kababaihan ng Bulakan at ang Rebolusyon", nasa *Ulat Sa Ikatlong Pambansang Kumperensya sa Sentenaryo ng Rebolusyong 1896* (Lungsod Baguio: University of the Philippines College Baguio, 1995), pp. 132-153.

[21] *El Heraldo Filipino*, Pebrero 16, 1899.

[22] Louis Stanley Young, *Life and Heroic Deeds of Admiral Dervey Including Battles in the Philippines* (Philadelphia: Fidelity Publishing Company, 1899), p. 300.

[23] William Henry Scott, *Ilocano Responses to American Aggression 1900-1901* (Quezon City: New Day Publishers, 1990.

[24] Talumpati ni Gng. Rosa L. Sevilla de Alvero "On Behalf of the Filipino Women," *Proceedings of the First Independence Congress, February 22-26, 1930* (Manila: Sugar News Press, 1930), p. 15.